

Mga Argumentong Pabor o Laban sa mga Panukala.

IPINAPAAALAALA NA, para sa mga panukalang inaprubahan ng Konseho para sa pagsusumite sa mga kwalipikadong botante ng Lungsod ng San Diego sa Halalan ng Munisipal na Primarya na gaganapin sa Martes, Hunyo 2, 2026, ang Kalihim ng Lungsod ay nagtakda ng **5:00 pm sa Miyerkules, Marso 11, 2026**, bilang isang makatwirang petsa bago ang naturang halalan kung saan pagkatapos nito ay walang mga argumento na pabor o laban sa mga Panukala ng Lungsod ang maaaring isumite sa Kalihim ng Lungsod.

KARAGDAGANG PAUNAWA na, ang anumang argumento pabor o laban sa anumang panukala ng Lungsod ay hindi dapat lumagpas sa 300 salita ang haba, gaya ng kalkulado ng [seksyon 105 ng Mga Alituntunin sa Administratibo ng Kalihim ng Lungsod](#), at maaaring ihain ng Konseho, o sinumang miyembro o mga miyembro ng Konseho na awtorisado ng Konseho, kabilang ang Alkalde, o ang mga tunay na isponsor o tagapagtaguyod ng panukala, o anumang tunay na asosasyon ng mga mamamayan o indibidwal na botante, o anumang kombinasyon ng mga botante at asosasyon.

KARAGDAGANG PAUNAWA na ang lahat ng argumento ay dapat samahan ng pangalan o mga pangalan ng tao o mga taong nagsumite nito, o kung isinumite sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon at ang pangalan ng kahit isa sa mga pangunahing opisyal nito. Hindi hihigit sa limang lagda ang dapat isumite sa anumang argumento. Kung sakaling ang anumang argumento ay nilagdaan ng higit sa limang tao, ang mga lagda ng unang lima ay ililimbag.

KARAGDAGANG PAUNAWA na ang lahat ng argumento ay dapat matugunan ang mga kinakailangan sa [seksyon 9600 ng Kodigo ng Halalan ng California](#) at ang [San Diego Municipal Code \(SDMC\) Kabanata 2, Artikulo 7, Dibisyon 5](#). Ang mga pormularyo para sa pahayag na ito ay makukuha sa Tanggapan ng Kalihim ng Lungsod at maaaring ilimbag sa aming website sa sandiego.gov/authors.

[Seksyon 27.0512 ng SDMC](#) nagbibigay ng prayoridad para sa pagpili kung higit sa isang argumento ang isinumite pabor, o laban, sa anumang panukala.

Kapag naihain na, ang mga argumento ay mananatiling kumpidensyal hanggang 5:00 ng hapon sa Marso 11, 2026. Maaaring baguhin o bawiin ng mga tagapagtaguyod ang mga argumento hanggang sa anumang oras bago ang takdang araw. Ang mga argumento sa balota na inihain ay maaaring matingnan sa publiko sa Tanggapan ng Kalihim ng Lungsod sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo kasunod ng huling araw ng pagsusumite ng mga materyales sa balota at makukuha online sa sandiego.gov/2026elections.

Ang mga argumento ay dapat isumite nang personal sa Tanggapan ng Kalihim ng Lungsod, sa lobby ng Gusali ng Administrasyon ng Lungsod, 202 C Street, San Diego, California, 92101. Para sa karagdagang tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa cityclerk@sandiego.gov o tumawag sa 619-533-4000.